## PANAWAGAN PARA SA MGA PAPEL: DGR 2019

Para sa Isyu 2019, tumatanggap na ang DGR ng mga artikulo sa wikang Filipino at Ingles. Bukas ito sa anumang artikulong **pangkababaihan** at **pangkasarian** mula sa iba't ibang disiplina, at larangan tulad ng pagtuturo, pananaliksik, gawaing ekstensyon at administratibo. Bukas din ito sa mga artikulo tungkol sa iba't ibang sektor, mga napapanahong isyu, mga rebyu ng aklat, tesis, disertasyon, pelikula at mga produktong pangmidya. Sumasailalim ang mga artikulo sa *double-blind review*.

Para sa mga susunod na isyu, ipangunguna ang mga artikulong may kaugnayan sa:

### Tema:

1. *Misogyny*
2. Seksismo at seksistang wika
3. Migrasyon at pandaigdigang sitwasyon
4. Midya, *social media, fake news, fraud,* pabrikasyon
5. Kalusugan at isyung medikal, *reproductive health*, STDs, *mental health*
6. Simbahan, ispiritwalidad at relihiyon
7. Mga pananaliksik sa kababaihang Muslim at mga pangkat etniko
8. Mga isyung pangkabataan (*teenage marriage, teenage pregnancy,* mga isyung pansekswalidad)
9. Mga batas at lehislasyon
10. Karahasang sekswal, VAWC, SH
11. Neoliberalismo, pambansang sitwasyon
12. Peminismo at mga pakikibakang peminista
13. Kalagayan at pakikibakang LGBT
14. Kapaligiran, kalikasan at kalamidad

### Deadline: **Setyembre 30, 2018**

### Panuntunan sa pagpapasa ng akda:

1. Orihinal, hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon;
2. May habang 25-30 pahina ang artikulo, *double-spaced* kasama ang mga larawan/ ilustrasyon at sanggunian o 6,000-8,000 salita;
3. Gamitin ang Chicago Manual of Style (sistemang awtor-petsa) sa buong dokumento;
4. Lagyan ng *caption* at *source* na ginamit sa bawat larawan o

biswal ng artikulo;

5. Tungkulin ng awtor na kumuha ng *informed consent* kaugnay ng kanyang akda, sa teksto man o sa mga larawan/biswal na ginamit;
6. Walang pangalan ang artikulo. Isumite sa nakahiwalay na papel ang *bionote* ng may-akda na may 300-500 salita;
7. May abstrak na 300-500 salita. Kung ang artikulo ay nasa Filipino, magsumite ng titulo at abstrak sa Ingles. Kung ang artikulo ay sa Ingles, magpasa ng *extended abstract* sa Filipino (1-2 pahina, *single-spaced*);
8. May limang susing salita (*keywords*) kapwa sa Filipino at Ingles;
9. Times New Roman ang *font*; 12 ang sukat;
10. May bilang ng pahina sa kanan, itaas na bahagi ng pahina;
11. May *margin* na 1" sa lahat ng gilid ng papel at *justified* sa kaliwa at kanan ang *format* ng teksto;
12. Gamitin ang Excel sa mga talahanayan.

## Ipadala ang kontribusyon sa:

Patnugot, dilimangenderreview@gmail.com.
Para sa iba pang katanungan, tumawag lamang
kay Steph Andaya sa 981-8500 loc. 2467.